

Impormasyon sa Mga Lokal na Panukala para sa mga Magulang



Ang Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ay isang online na tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahahalagang impormasyon tungkol sa transitional kindergarten hanggang ikalabindalawang baitang na mga paaralan at distrito. Itinatampok ng Dashboard ang limang lokal na panukala na kilala rin bilang mga tagapagpahiwatig, na ginagamit ng mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon (LEAs) gaya ng mga distrito, tanggapan ng edukasyon ng county, at charter na paaralan upang iulat ang pag-unlad batay sa lokal na datos.

Mga Lokal na Panukala

Tinatalakay ng mga lokal na panukala ang

- Mga Pangunahing Serbisyo at Kalagayan na kinabibilangan ng wastong pagtatalaga ng mga guro, access sa mga materyal sa pagtuturo na naaayon sa kurikulum, at ligtas, malinis, at maayos na pasilidad ng paaralan (Prayoridad 1);
- Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado (Prayoridad 2);
- Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya (Prayoridad 3);
- Survey sa Klima ng Paaralan (Prayoridad 6); at
- Access sa Malawak na Kurso ng Pag-aaral (Prayoridad 7).

Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado (Prayoridad 2)

Ang mga sumusunod ay ang mga pamantayan ng pagganap para sa mga lokal na panukala. Upang matugunan ang mga pamantayan para sa mga kinakailangan ng lokal na tagapagpahiwatig, ang mga LEA ay dapat na

- taunang sukatin ang kanilang pag-unlad sa pagtugon sa mga kinakailangan ng bawat prayoridad ng Pormula sa Pagpopondo ng Lokal na Pamamahala;
- iulat ang mga resulta bilang bahagi ng isang hindi awtomatikong aprubadong item sa parehong pampublikong pagpupulong ng lokal na namumunong lupon/ahensya kung saan ginagamit ang Plano sa Lokal na Pagkokontrol at Pananagutan; at
- iulat ang mga resulta sa publiko sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga self-reflection tool na inaprubahan ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (SBE) para sa bawat lokal na panukala. Available ang mga self-reflection tool ng SBE sa [dokumento ng Mabilis na Gabay sa Lokal na Tagapagpahiwatig ng Pagganap](#) na nasa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE). Kapag natapos ng LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat ng Dashboard ang lokal na panukala bilang “Nakatugon sa Pamantayan.” Kapag hindi natugunan ng isang LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat ng Dashboard ang panukala bilang “Hindi Nakatugon.” Kung hindi natugunan ng LEA ang kinakailangan sa loob ng dalawa o higit pang taon, iuulat ng Dashboard ang panukala bilang “Hindi Nakatugon sa Dalawa o Higit pang Taon.” Dagdag pa rito, iniuulat ng Dashboard ang masalimuot na hanay ng datos na may kinalaman sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na panukala.

Ang Kahalagahan ng Mga Lokal na Panukala

Ang pag-uulat ng mga lokal na panukala sa Dashboard ay nagbibigay sa publiko ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pag-unlad ng isang LEA sa bawat lokal na prayoridad. Makakatulong ang impormasyong ito sa mga magulang habang naghahanda silang magbigay ng input sa pagbuo ng LCAP sa pamamagitan ng proseso ng Taunang Update.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE](#).

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.



Agosto 2025